FACT SHEET

nystateofhealth™
The Official Health Plan Marketplace



MAIIKLING IMPORMASYON TUNGKOL SA

# Insurance sa Kalusugan para sa Mga Young Adult

**Ang NY State of Health ay ang Opisyal na Marketplace ng Plan sa Kalusugan ng New York.**

**Kung ikaw ay may edad na 19 na taong gulang pataas at nakatira sa New York State, matutulungan ka naming maghanap ng insurance sa kalusugan sa presyong abot-kaya sa iyo.**

**Paano ako mag-e-enroll?**

- **nystateofhealth.ny.gov**

**O**

- **1-855-355-5777 o TTY: 1-800-662-1220**

**O**

- **Sa pamamagitan ng libreng personal na tulong mula sa taong may sertipikasyon para tumulong malapit sa iyong tahanan o trabaho.**

Sumusunod ang NY State of Health sa lahat ng naaangkop na Pederal na batas sa mga karapatang sibil at batas ng estado, at hindi ito nandidiskrimina batay sa lahi, kulay, pinagmulang bansa, pinaniniwalaan/relihiyon, kasarian, edad, katayuan sa pagpapakasal/pamilya, rekord ng pag-aresto, (mga) kriminal na paghatol, kinikilalang kasarian, sekswal na oryentasyon, mga katangiang henetiko na nagpapataas ng pagkakataong magkaroon ng mga partikular na sakit, katayuan sa militar, katayuan at/o paghihiganti bilang isang biktima ng karahasan sa tahanan.

## Ito ang 4 na mahahalagang bagay na dapat mong malaman

### 1 Mayroon kang mga mapagpipilian

Bilang isang young adult, dapat kang magpasiya kung mananatili ka ba sa planong pangkalusugan ng iyong magulang. Kung magpasiya kang kumuha ng iyong sariling insurance, makakahanap ka ng maraming mapagpipilian sa NY State of Health. Maraming iba't ibang plan sa iba't ibang antas ng coverage at tuntunin ng pagbabayad. Ibig sabihin nito ay malamang na makakahanap ka ng isang plan na tumutugon sa iyong mga pangangailangan at abot-kaya sa iyo.

### 2 Makakakuha ka ng sulit na deal

Anuman ang presyo, lahat ng plan sa kalusugan na inaalok sa NY State of Health ay dapat na sumaklaw sa 10 pangunahing serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan. Kabilang dito ang mga inireresetang gamot, pagpapatingin sa doktor, pangangalaga sa ospital at serbisyong pang-emergency – pati na rin ang mga serbisyo sa pag-iwas sa sakit at pagpapabuti ng kalusugan. Makakakuha ka ng sulit na deal, anumang insurance plan ang piliin mo.

### 3 May mga nakahandang abot-kayang mapagpipilian

Para sa mga kwalipikado, nagbibigay ang Medicaid at ang Essential Plan ng coverage na may kalidad na katulad ng ibang plan sa kalusugan, nang may mababa o walang buwanang gastos. Ang Medicaid ay walang premium o deductible (halagang dapat bayaran bago magbayad ang insurance) at may mababang mga co-pay; ang gastos sa Essential Plan ay mas mababa pa sa isang dolyar kada araw, walang deductible, at may mababang mga co-pay. Para sa lahat ng ibang plan, tingnan kung kwalipikado ka para sa pinansyal na tulong para mabawasan ang iyong gastos.

### 4 Pinadali ng New York State ang pagpili at pagbayad para sa insurance sa kalusugan

Para sa maraming tao, kasama sa insurance ang maraming papeles at pagkalito. Naiintindihan namin iyon. Kaya naglagay kami ng maraming sinanay na eksperto para tulungan ka, sa bawat hakbang, sa pagpili at pag-sign up para sa isang plan na tama para sa iyo. Maaari mong matanggap ang tulong na ito online, sa pamamagitan ng telepono o kahit sa lugar ng iyong tirahan o trabaho. Makukuha rin ang mga ito sa maraming wika.